Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Hulyo 2, 1981

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 124, s. 1981

PAGDIRIWANG SA LINGGO NG WIKANG PILIPINO
SA TAONG 1981

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pinuno ng mga Lingkuran at Puno ng Yunit
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ipagdiriwang ang Linggo ng Wikang Pilipino sa taong 1981 mula sa ika-13 hanggang ika-19 ng Agosto. Ang paksang diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Diwa at Wikang Pilipino sa Lipunang Makatao". Ang mga gawain sa buong isang linggo ay binaha-bahagi sa pang-araw-araw na paksang tulad ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| Agosto 13 - Huwebes | - Diwa at Wikang Pilipino sa Pag-uugnayan ng Mag-anak |
| Agosto 14 - Biyernes | - Diwa at Wikang Pilipino sa Kaunlarang Pampaaralan |
| Agosto 15 - Sabado | - Diwa at Wikang Pilipino sa Pag-uugnayang Pambarangay |
| Agosto 16 - Linggo | - Diwa at Wikang Pilipino sa Pagpapahalagang Ispiritwal |
| Agosto 17 - Lunes | - Diwa at Wikang Pilipino sa Pambayang Pagpapaunlad |
| Agosto 18 - Martes | - Diwa at Wikang Pilipino sa Kaunlarang Pangkabuhayan |
| Agosto 19 - Miyerkules | - Diwa at Wikang Pilipino sa Lipunang Makatao |

2. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga mungkahing gawaing pang-araw-araw. Ang mga ito'y kinakailangang isagawa sa Pilipino upang patuloy na maitanim sa diwa at damdamin ng mag-aaral at ng lahat ng mga mamamayang Pilipino ang kahalagahan ng paggamit ng sariling wika at ang pagkakaroon ng isang diwa na siyang batayan ng mabuting pag-uugnayan ng mga mamamayan tungo sa kaunlaran ng bansa.

3. Sa pagdiriwang sa loob ng isang linggo, inaasahang sisikaping maisama ang mga mamamayan, ang lahat ng mga may kaugnayan sa paaralan at pamahalaan at ang iba pang may kinalaman sa mga kilusang pangwika. Ang pagtulong at pakikilahok nila'y lubhang mahalaga at sadyang kinakailangan upang ang mga layunin ng pagdiriwang ay matagumpay na maisakatuparan.

4. Kinakailangan ding isama sa taunang ulat ng mga tagapamanihala ng mga paaralan ang lahat ng mga kilusan at iba pang gawaing isinasagawa sa pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pilipino.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister ng Edukasyon at Kultura

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangministri: Blg. 148, s. 1980

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVAL
PUPILS
REPORT
STUDENTS

(Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 124, s. 1981)

## MGA PAKSA AT MUNGKAHING GAWAING PANG-ARAW-ARAW SA LOOB NG ISANG LINGGONG PAGDIRIWANG

### PAKSA: DIWA AT WIKANG PILIPINO SA LIPUNANG MAKATAO

Agosto 13 - Huwebes - Diwa at Wikang Pilipino sa Pag-uugnayan ng Mag-anak.

a. Pagdaraos ng pambukas na palatuntunan sa magkatulong na pangangasiwa ng paaralan at barangay

b. Pagdaraos ng mga papulong pang-asemblea na tatalakay sa paksang may kinalaman sa kahalagahan ng diwa't wikang Pilipino

k. Pagpapalitang-kuro at pagtatalakayan tungkol sa paksa

d. Pagganyak sa bawat kasapi ng mag-anak na gumamit ng wikang Pilipino sa tahanan sa kanilang mga pag-uusap at paggawa ng mga pahayag

Agosto 14 - Biyernes - Diwa at Wikang Pilipino sa Kaunlarang Pampaaralan

a. Pagdaraos ng mga gawaing nauugnay sa pagpapaunlad ng Wikang Pilipino tulad ng:

1) Patimpalak sa pagbigkas ng tula.
2) Pakikipagbalagtasang papaksa sa kahalagahan ng pagkakaisa sa diwa at wika ng mga mamamayan
3) Paligsahan sa pag-awit ng mga kundiman at iba pang malalambing na awitin

b. Paggamit ng wikang Pilipino sa loob at sa bakuran ng paaralan

k. Pag-uugnay ng mga paksang diwa sa mga aralin sa asignaturang tulad ng Araling Panlipunan, Pagtuturo ng Wastong Pag-uugali, Sining ng Komunikasyon, Pagtuturo ng Gawain, at iba pang mga asignaturang pangkalinangan

d. Pagtatatag ng pampaaralang samahan sa wika

e. Paggamit ng Wikang Pilipino sa mga opisyal na korespondensiya ng paaralan

Agosto 15 - Sabado - Diwa at Wikang Pilipino sa Pag-uugnayang Pambaranggay

a. Paggamit ng wikang Pilipino sa mga opisyal na transaksiyong pambaranggay

b. Pagpaplano ng mga proyektong makatutulong sa pagpapaunlad ng wikang Pilipino sa barangay tulad ng:

1) Pagpapalabas ng pambaranggay na pahayagan sa Pilipino
2) Pagtatatag ng pambaranggay na aklatan na katatagpuan ng mga kapaki-pakinabang na mga babasahing Pilipino

Agosto 16 - Linggo - Diwa at Wikang Pilipino sa Pagpapahalagang Ispiritwal

a. Pagdalo at pakikinig sa mga seremonyang nauukol sa pananampalataya na tatalakay sa kahalagahan ng diwa at wikang Pilipino sa pagpapahalagang ispiritwal ng mga mamamayan

b. Paglahok sa mga talakayan ukol sa mga kasaysayang banal na nasusulat sa wikang Pilipino

k. Pag-aanyaya sa mga puno ng sambahan upang magbigay panayam hinggil sa kahalagahan ng pagpapahalaga sa diwa at wika tungo sa kaunlarang pang-ispiritwal ng mga mamamayan

Agosto 17 - Lunes - Diwa at Wikang Pilipino sa Pambayang Pagpapaunlad.

a. Pagdaraos ng mga pagpupulong at sesyong pangmunisipal sa Pilipino

b. Pag-uusap, pagtatalakayan, pagpapalitang-kuro at pagdedebate tungkol sa paksang nauukol sa pagpapaunlad ng diwa at wikang Pilipino sa bansa

k. Pagdaraos ng mga palatuntunang magbibigay buhay sa paksang may kinalaman sa diwa at wikang Pilipino sa Pambayang Pagpapaunlad

d. Paggamit ng Pilipino sa mga pasulat at pasalitang pahayag ng mga pinuno at opisyal ng bayan

Agosto 18 - Martes - Diwa at Wikang Pilipino sa Kaunlarang Pangkabuhayan

a. Pagdaraos ng mga asamblea na tatalakay sa mga suliranin ng kabuhayang bansa at sa mga paraan ng paglutas sa mga ito

b. Pagbabalak ng mga proyektong nauukol sa wika na maaaring makatulong sa pagpapataas sa antas ng kabuhayang bansa tulad ng:

1) Pagsasagawang mga pagtatanghal ng mga produktong yaring Pilipino

2) Pagpapalimbag ng mga lathalaing nauukol sa pambansang kabuhayan na nasusulat sa Pilipino

3) Paglulunsad ng mga kampanyang nauukol sa pagtangkilik ng mga kalakal na yaring Pilipino

Agosto - 19 - Miyerkules - Diwa at Wikang Pilipino sa Lipunang Makatao

a. Pagdaraos ng pangwakas na palatuntunang tatampukangng mga awit, sayaw, tugtugin, dula at bigkasing Pilipino.

b. Pakikinig, panonood at pakikilahok sa mga pagtatanghal na panradyo at pantelebisyon ng mga pelikulang dokumentaryo tungkol sa wika at iba pang kasaysayang likas na Pilipino

k. Pagtalakay sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan naging sa diwa at wika ng mga mamamayan bunga ng mga kaunlarang dulot ng pamahalaan.